

PAMBANSANG PROGRAMA SA SEGURO PARA SA PAGBAHA
PEDERAL NA TULONG PARA SA SAKUNA

PAGTUGON SA KINAKAILANGAN SA SEGURO PARA SA PAGBAHA



FEMA



POSIBLENG MAGING NPAKABIGAT SA DAMDAMIN AT NPAKAGASTOS NG PAGBAWI MULA SA ISANG IDINEKLARANG SAKUNA NG PANGULO.

Ang pinakakaraniwang opsyon sa suportang pinansyal na magagamit mo ay isang gawad na pederal na tulong para sa sakuna mula sa Programa para sa Mga Indibidwal at Mga Sambahayan (IHP, acronym sa Ingles) ng FEMA.

Kung makakatanggap ka ng naturang pederal na tulong para sa sakuna, posibleng iatas sa iyo ng batas na bumili ka ng seguro para sa pagbaha. Gamitin ang brochure na ito para matuto pa tungkol sa pagkakaroon ng isang patakaran, pagsunod sa kinakailangan ng iyong seguro para sa pagbaha, at pananatiling kwalipikado para sa pederal na tulong para sa sakuna.

ANG KINAKAILANGAN

Iniaatas sa iyo ng FEMA na magkaroon ng seguro para sa pagbaha para sa mga gusali at personal na ari-arian na nasira ng isang sakuna na nauugnay sa pagbaha sa isang lugar na may mataas na panganib sa pagbaha, o kilala bilang espesyal na lugar na nanganganib na bahain (SFHA, acronym sa Ingles). Poprotektahan ka nito at ang buhay na nabuo mo mula sa pinansyal na paghihirap kasunod ng isang pagbaha, na hindi nakasalalay sa isang deklarasyon ng sakuna.

May tatlong paraan para matugunan ang kinakailangan:

1. Puwedeng bumili ang FEMA ng Panggrupong Patakaran sa Seguro para sa Pagbaha (GFIP, acronym sa Ingles) para sa iyo para simulan ang iyong saklaw;
2. Puwede kang bumili ng Standard na Patakaran sa Seguro para sa Pagbaha (SFIP, acronym sa Ingles); o
3. Puwede kang bumili ng pribadong patakaran sa seguro para sa pagbaha.

Available ang una at pangalawang opsyon sa pamamagitan ng **Pambansang Programa sa Seguro para sa Pagbaha (NFIP, acronym sa Ingles)** ng FEMA. Ginawa ng Kongreso ang NFIP para makapagbigay ng proteksyong pampinansyal mula sa pinsalang dulot ng pagbaha. Nag-aalok ito sa mga may-ari ng ari-arian, nangungupahan, at mga negosyo ng access sa mga patakaran sa seguro para sa pagbaha na suportado ng gobyerno sa mga kalahok na komunidad. Matuto pa tungkol sa NFIP, mga kalahok na komunidad, at ang iba't ibang uri ng patakaran sa Mga Sagot sa Mga Tanong Tungkol sa NFIP sa agents.floodsmart.gov/nfip-answers-to-questions (sa English lang).

Available ang pangatlong opsyon sa pamamagitan ng **mga pribadong insurer**, na ipinapaliwanag nang mas detalyado sa pahina 6.

1. PANGGRUPONG PATAKARAN SA SEGURO PARA SA PAGBAHA

Iniiisu ang patakarang ito pagkatapos ng pagdedeklara ng pangulo ng sakuna. Available lang ito sa mga indibidwal na nakakatanggap ng pederal na tulong para sa sakuna sa pamamagitan ng IHP ng FEMA. Makikita ang iba pang impormasyon tungkol sa IHP sa fema.gov/tl/assistance/individual/program (sa English lang).

Pakitandaang hindi ka makakabili ng GFIP nang mag-isa. Walang gastusin na magmumula sa sariling balsa para magkaroon ng GFIP. Babayaran ng FEMA ang gastos sa patakarang (kasalukuyang \$2,400 para patakarang may tatlong taong termino) nang direkta sa NFIP mula sa iyong gawad na tulong para sa sakuna ng IHP. Kung lalampas ang halaga ng isang GFIP sa iyong natitirang Tulong ng IHP, hindi ka magiging kwalipikado para sa patakarang ito sa seguro para sa pagbaha. Sa halip ay kakailanganin mong bumili ng pang-indibidwal na patakarang sa seguro para sa pagbaha gamit ang sarili mong pera (tingnan ang opsyon 2 at 3).

Para maisaalang-alang para sa isang sertipiko sa GFIP, na nagsisilbing pang-indibidwal na patunay mo ng seguro sa ilalim ng pangunahing patakarang ng GFIP, **dapat mong matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:**

- Vine-verify ng FEMA na ang pinsala sa iyong ari-arian ay dulot ng pagbaha at saklaw ng seguro ang pinsala sa ilalim ng NFIP;
- Ang nasira mong tirahan ay nasa isang SFHA;
- Wala kang seguro para sa pagbaha noong panahon ng sakuna;
- Wala kang dating kinakailangan sa seguro para sa pagbaha bilang kondisyon ng pagtanggap ng pederal na tulong para sa sakuna para sa pinsalang dulot ng baha;
- Hindi matatagpuan ang iyong nasirang tirahan sa isang pinaghihigpitang komunidad, Coastal Barrier Resources System (CBRS, acronym sa Ingles), o Otherwise Protected Area (OPA, acronym sa Ingles); at
- Nakatanggap ka ng tulong ng IHP para sa tunay o personal na ari-arian na napinsala sa baha na saklaw ng seguro, na nagdudulot ng pangangailangang kumuha at magpanatili ka ng seguro para sa pagbaha sa ari-arian.

Ang termino ng pangunahing patakaran ng GFIP ay para sa 36 na buwan at magsisimula 60 araw pagkalipas ng petsa ng pagdedeklara ng sakuna ng pangulo. Gayunpaman, ang pang-indibidwal na saklaw ay magkakaroon ng bisa 30 araw pagkatapos matanggap ng NFIP ang iyong pangalan at premium na bayad mula sa pang-estado, lokal, teritoryal o panliping pamahalaan, o FEMA.

Sinasaklaw ng sertipiko sa GFIP ang gusali at mga laman nito, o mga laman lang nito kung isa kang nangungupahan. Parehong may hiwalay na \$200 na naibabawas ang saklaw ng gusali at mga laman nito.

Simula Oktubre 2023, ang halaga ng pinagsamang saklaw para sa pang-indibidwal na patakaran ng GFIP ay \$85,000. Kasama ryan ang \$42,500 para sa tulong sa pabahay at \$42,500 para sa Tulong Sa Iba Pang Pangangailangan (ONA, acronym sa Ingles). Taon-taong nagbabago ang halaga ng saklaw na kasama sa isang GFIP. Pakibisita ang agents.floodsmart.gov/gfip-fact-sheet (sa English lang) para sa pinaka-updated na halaga.

Panatiliing updated ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan dahil magpapadala ang NFIP sa iyo ng mga komunikasyon tungkol sa GFIP mo. Makakatanggap ka ng sulat 45 araw bago mag-expire ang iyong patakaran na magpapaalala sa iyong bumili ng SFIP. Dapat mong gawin ito sa loob ng 30 araw pagkatapos mag-expire ng patakaran para maiwasan ang lapse sa saklaw at maiwasan ang pagkadiskwalipika para sa tulong para sa sakuna sa hinaharap. Magpapadala ang NFIP ng panghuling paalala sa petsa kung kailan mag-e-expire ang iyong patakaran.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa GFIP, tawagan ang NFIP Direct Servicing Agent (NFIP Direct) sa **800-638-6620**.

Alam Mo Ba?



Puwede kang pumili ng mas mataas na limitasyon sa saklaw sa pamamagitan ng pagbili ng SFIP anumang oras sa panahon ng iyong GFIP. Gayunpaman, **mawawalan ng bisa ang iyong GFIP kapag bumili ka ng SFIP**—hindi puwedeng mayroon ka ng dalawang ito.

2. STANDARD NA PATAKARAN SA SEGURO PARA SA PAGBAHA

Nagbibigay ang SFIP ng saklaw na hanggang \$250,000 para sa isang gusali at hanggang \$100,000 para sa mga laman nito. Available ito sa pamamagitan ng NFIP Direct o mga kumpanyang nakikibahagi sa programang Write Your Own (WYO, acronym sa Ingles) ng NFIP. Responsable ang FEMA para sa pag-underwrite ng mga patakaran sa seguro para sa pagbaha na ibinebenta sa ilalim ng NFIP Direct at ng Programang WYO.


Ang **NFIP Direct** ay ang buong pag-aari na kumpanya ng seguro ng FEMA na nag-iisyu ng mga patakaran sa seguro para sa pagbaha ng NFIP. Para magsimula sa NFIP Direct, tumawag sa **800-638-6620**.

Ang mga **kumpanya ng WYO** ay mga kalahok na insurer ng ari-arian at pinsala na gumagawa at naghahatid ng mga pederal na patakaran sa seguro gamit ang sarili nilang mga pangalan. Gumagawa sila ng mga patakaran at nagpoproseso ng mga paghahabol habang binabayaran ng pederal na pamahalaan ang lahat ng pagkalugi. Makipag-ugnayan sa iyong kasalukuyang ahente ng seguro para malaman kung nakikibahagi sila. Para makahanap ng bagong insurer, bisitahin ang floodsmart.gov/find (sa English lang) o tawagan ang FEMA Mapping and Insurance eXchange (FMIX, acronym sa Ingles) sa **877-336-2627**.



Maikling Impormasyon

Gumagamit ang mga carrier ng NFIP Direct at WYO ng parehong engine sa pagpepresyo ng seguro para sa pagbaha, kaya hindi na kailangang maghanap kung saan-saan para maghambing ng mga presyo.



3. MGA PRIBADONG INSURER

Gumagawa at naghahatid ang mga pribadong kumpanya ng seguro ng kanilang sariling mga patakaran sa seguro para sa pagbaha, na hiwalay sa pederal na pamahalaan. Responsibilidad nilang iproseso ng mga paghahabol at pagbabayad ng mga pagkalugi nang sila lang. Posibleng mag-iba-iba ang mga premium sa bawat carrier, gayundin ang mga maximum ng saklaw.

Para bumili ng seguro para sa pagbaha sa pamamagitan ng isang pribadong kumpanya ng seguro, makipag-ugnayan sa iyong ahente ng seguro.


PAGPAPANATILI NG PAGIGING KWALIPIKADO PARA SA TULONG PARA SA SAKUNA

Ang kinakailangan para mapanatili ang saklaw ng seguro para sa pagbaha bilang isang tatanggap ng pederal na tulong para sa sakuna ay itinatalaga sa ari-arian. Dapat sumunod ang mga may-ari ng bahay at nangungupahan sa kinakailangan hangga't mayroon ang ari-arian o hanggang sa ito ay mapagaan para matugunan o mahigitan ang mga pamantayan ng komunidad.

Kung ikaw ang may-ari ng bahay at ibinebenta mo ang iyong ari-arian, dapat mong ipaalam sa bagong may-ari ang kinakailangan para mapanatili ang saklaw ng seguro para sa pagbaha. Kadalasan, ang isang kasalukuyang patakaran sa seguro para sa pagbaha ay inililipat sa bagong may-ari nang walang lapse sa saklaw.

Kung ikaw ay isang nangungupahan at lumipat mula sa ari-arian, hindi maililipat ang patakaran sa bagong nangungupahan at dapat siyang bumili ng kanyang sariling saklaw ng seguro para sa pagbaha.

Kung hindi makakasunod sa iniaatas na pagbili ng seguro para sa pagbaha at kinakailangan sa pagpapanatili, posibleng hindi ka maging kwalipikado para sa pederal na tulong para sa sakuna sa hinaharap.






MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Puwedeng makatulong sa iyo ang tulong para sa sakuna na ibinibigay ng FEMA para sa muling pagtatayo ng bahay, habang ang seguro para sa pagbaha naman ay makakatulong na maprotektahan ka mula sa pinansyal na pasanin na dulot ng pinsala sa baha sa hinaharap. Para sa impormasyon tungkol sa mga pagkakaiba sa pagitan ng seguro para sa pagbaha, tulong para sa sakuna at karagdagang tulong para sa sakuna, balikan ang booklet na Pinansyal na Pagbawi Pagkatapos ng Pagbaha sa agents.floodsmart.gov/financial-recovery-flooding (sa English lang).

Nililina ng flyer na Pagkilala sa Iyong mga Tagapagtaguyod Pagkatapos ng Pagbaha ng NFIP ang iba't ibang opisyal at grupo na posibleng bumisita sa iyong tahanan pagkatapos ng sakuna na nauugnay sa pagbaha. Puwede kang matuto pa tungkol sa pagpapagaan, mga diskarte sa muling pagtatayo, paglilinis at pagreremedyo sa Pagtatayo ng Mas Ligtas at Mas Matibay na Bahay Pagkatapos ng Pagbaha sa agents.floodsmart.gov/rebuilding-after-flood (sa English lang).

Para sa impormasyon sa pagbili ng SFIP, mga aksyon sa pagpapagaan, mga mapa ng baha at higit pa, makipag-ugnayan sa NFIP sa floodsmart.gov (sa English lang) o **877-336-2627**.

Ang mga paghihigpit ng NFIP para sa mga komunidad ng CBRS at OPA ay ipinaliwanag nang mas detalyado sa Mga Sagot sa Mga Tanong Tungkol sa NFIP sa agents.floodsmart.gov/nfip-answers-to-questions (sa English lang).





FEMA



Ginawa ng Kongreso ang Pambansang Programa sa Seguro para sa Pagbaha (NFIP, acronym sa Ingles) noong 1968 para mabawasan ang pinsalang dulot ng pagbaha sa hinaharap sa pamamagitan ng pamamahala sa floodplain, at para mabigyan ang mga tao ng seguro para sa pagbaha sa pamamagitan ng mga pang-indibidwal na ahente at kumpanya ng seguro. Ang FEMA ang nangangasiwa sa NFIP. Kumuha ng quote ngayon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong insurer, o tawagan ang FEMA Mapping and Insurance eXchange (FMIX, acronym sa Ingles) sa **877-336-2627** para sa tulong.

Kung gagamit ka ng serbisyo ng relay, gaya ng serbisyo ng video relay (VRS, acronym sa Ingles), serbisyo ng teleponong may caption o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

Para sa pinaka-updated na bersyon ng resource na ito, bisitahin ang agents.floodsmart.gov/tulong-para-sa-sakuna-kinakailangan-sa-seguro-para-sa-pagbaha.

Federal Disaster Assistance: Meeting the Flood Insurance Requirement – Tagalog, January 2025
Enero 2025 | F-695TL